Marshall

MINOR IV – TRUE WIRELESS

KUMPLETONG ONLINE NA MANUAL

NILALAMAN

INDEX

Pagsisimula 005
Mga kontrol sa pagpindot 005
Pag-charge ng mga earbud 005
Pag-charge ng case 005
Paglilinis ng iyong Minor IV 006
Gabay sa pag-aalaga ng baterya 006
Pagpapares ng bagong device 007
Pag-reset sa mga earbud 007
Pag-troubleshoot 008

LAYOUT NG DEVICE

WIKANG FILIPINO

LAYOUT NG DEVICE WIKANG FILIPINO

1 INDICATOR NG CASE NA PANG-CHARGE

Ipinapakita ng LED ang charge ng baterya ng case, mula pula hanggang dilaw hanggang berde (0–100%). Kumikislap ito nang asul habang nasa Bluetooth® pairing mode.

2 BUTTON NG CASE NA PANG-CHARGE

Pindutin nang mabilis para makita ang antas ng baterya ng case na pang-charge. Habang nasa case ang mga earbud at nakabukas ang takip, pindutin nang matagal sa loob ng 2 segundo para simulan ang pagpapares.

3 WIRELESS NA PAG-CHARGE

I-charge ang case sa pamamagitan ng paglalagay nito sa isang wireless na charging pad.

4 USB-C NA POWER INPUT

I-charge ang case sa pamamagitan ng pagsasaksak nito sa USB na power source.

5 MGA KONTROL SA PAGPINDOT

Hawakan ang kaliwa o kanang earbud para kontrolin ang iyong musika, mga tawag sa telepono at iba pa.

MGA TAGUBILIN WIKANG FILIPINO

PAGSISIMULA

I. Buksan ang case na pang-charge.
II. Pindutin nang matagal ang button sa ibaba ng case hanggang sa dahan-dahang kumislap nang asul ang LED.
III. Piliin ang **Minor IV** mula sa listahan ng Bluetooth ng iyong sound device.
IV. I-download ang Marshall Bluetooth app at sundin ang mga tagubilin sa loob ng app para kumpletuhin ang pag-set up.

MGA KONTROL SA PAGPINDOT

Hawakan ang kaliwa o kanang earbud para kontrolin ang iyong musika, mga tawag sa telepono at iba pa. Puwedeng i-customize sa app ang pagpindot nang matagal.

- Mag-play/mag-pause – isang pagpindot
- Lumaktaw pasulong – dalawang pagpindot
- Lumaktaw pabalik – tatlong pagpindot
- Lakasan ang volume – pindutin nang matagal ang kanang earbud
- Hinaan ang volume – pindutin nang matagal ang kaliwang earbud
- Tanggapin/ibaba ang isang tawag – dalawang pagpindot
- Tanggihan ang isang tawag – pindutin nang matagal ang anumang earbud

PAG-CHARGE NG MGA EARBUD

Ibalik sa case ang iyong mga earbud at isara ang takip para i-off ang mga ito at simulan ang pag-charge.

PAG-CHARGE NG CASE

Gumamit ng wireless na charger o isaksak ang case sa isang USB na power source para i-charge ito. Fully charged na ang case kapag nakapirmi na berdeng ilaw ang LED sa harap.

Para i-charge ang case gamit ang wireless na charger, sundin ang mga tagubilin sa ibaba.

I. Ilagay ang charging case nang nakalapat sa wireless na charging pad.
II. Siguraduhing umiilaw ang mga LED na ilaw sa unahan na nagsasabi na naka-charge ang case.
III. Fully charged na ang case kapag naging nakapirmi na berdeng ilaw ang LED na ilaw.

MGA TAGUBILIN WIKANG FILIPINO

PAGLILINIS NG IYONG MINOR IV

Palaging nadidikit sa iyong balat ang mga earbud at kung minsan ay sa loob ng matagal na panahon. Paglipas ng panahon, magdudulot ito ng pamumuo ng dumi at langis na makakaapekto sa performance at maaaring magdulot ng iritasyon sa balat. Regular na linisin ang iyong mga earbud para mapanatiling bago ang mga ito at mas magtagal ang mga ito.

Bunutin ang anumang cable bago linisin ang case. Tiyaking ganap na tuyo ang lahat bago gamitin ang mga earbud, ibalik sa case ang mga earbud, o isaksak ito sa USB na charger.

Gumamit ng disinfectant wipe o lint-free cloth, basain nang kaunti ng 70% isopropyl alcohol o 75% ethyl alcohol para marahang linisin ang mga exterior surface ng mga earbud at ng case. Iwasang mapasukan ng moisture ang anumang butas o sa speaker mesh. Maingat na linisin ang mga bahaging iyon gamit ang tuyo at malambot na brush, o isang cotton swab.

- Huwag gumamit ng anumang matalas na bagay.
- Huwag gumamit ng compressed air.
- Huwag gumamit ng mga produktong may bleach o hydrogen peroxide.
- Huwag ilubog ang mga earbud sa anumang cleaning agent.

GABAY SA PAG-AALAGA NG BATERYA

Mayroong mga high-performance lithium-ion battery ang iyong mga earbud at naaapektuhan ng pagcha-charge at paggamit ang tagal ng baterya. Sundin ang mga alituntunin sa ibaba para manatiling maayos ang iyong mga baterya hangga't posible.

- Iwasang gumamit ng mga fast charger kung posible. Hindi nakakabuti ang fast charging sa baterya at nakakasira ito dito.
- Iwasang hayaang ganap na maubos ang baterya o i-charge ito kapag puno na ito. Subukang panatilihin ang charge sa pagitan ng 30% at 80%.
- Kung na-store nang matagal na panahon ang mga earbud, inirerekomendang i-charge ang mga earbud sa humigit-kumulang kalahati ng charge at pagkatapos ay mag-factory reset. I-store ang mga earbud at case sa malamig, madilim, at tuyong lugar.
- Iwasang gamitin at i-charge ang mga earbud sa maiinit at walang hanging lugar na may temperaturang 45°C/113°F pataas.
- Iwasang i-charge ang baterya sa malalamig na temperaturang wala pang 10°C/50°F at iwasang gamitin ang mga earbud sa temperaturang wala pang 0°C/32°F.

- Iwasan ang malalakas na pagkakabunggo gaya ng pagkahulog ng mga earbud o case sa matitigas na surface dahil posible nitong mapinsala ang mga baterya.

I-download ang Marshall Bluetooth app at piliin ang antas ng preservation ng baterya na pinakanaaangkop sa iyo at sa mga earbud mo.

PAGPAPARES NG BAGONG DEVICE

Puwedeng ikonekta ang Minor IV sa dalawang device sa isang pagkakataon at naaalala nito ang hanggang 8 dating nakapares na device. Kapag nasasaklawan, susubukan nitong kumonekta ulit sa huling nakakonektang device.

I. Ilagay ang mga earbud sa case at panatilihin bukas ang takip.
II. Pindutin nang matagal ang button sa ibaba ng case hanggang sa dahan-dahang kumislap nang asul ang LED.
III. Piliin ang Minor IV mula sa listahan ng Bluetooth ng iyong sound device.

PAG-RESET SA MGA EARBUD

Kung naging mali-mali o hindi tumutugon ang mga earbud mo, sundin ang mga tagubilin sa ibaba.

I. Ilagay ang mga earbud sa case at isara ang takip para i-restart ang mga earbud.

Kung magpapatuloy ang problema, mag-factory reset.

Tandaan: Made-delete nito ang lahat ng setting ng user at kakailanganging ipares ulit ang mga earbud.

I. Alisin ang **Minor IV**, at **Minor IV [LE]** kung mayroon, mula sa listahan ng Bluetooth ng iyong sound device.
II. Ilagay ang mga earbud sa case at panatilihin bukas ang takip.
III. Pindutin nang matagal ang button sa ibaba ng case sa loob ng 10 segundo at i-release kapag naging kulay purple ang LED.
IV. Naibalik na ang mga earbud sa mga factory setting nito at handa nang ipares, tingnan ang seksyong Pagsisimula.

MARSHALL BLUETOOTH APP

I-download ang Marshall Bluetooth app para masulit ang iyong earbuds at mapanatili itong updated sa pinakabagong software.

GET IT ON Google Play Download on the App Store

PAG-TROUBLESHOOT WIKANG FILIPINO

PROBLEMA	DAHILAN	PAGKILOS
Hindi nag-o-on ang earbuds	Walang charge ang baterya.	Ilagay ang earbuds sa case para ma-charge ang mga ito. Kung hindi mag-o-on ang LED sa case, gumamit ng USB power source o wireless na charging plate para ma-charge ang case.
Hindi makakonekta o makapag-pair sa isang Bluetooth device	Hindi naka-enable ang Bluetooth sa iyong device (smartphone, tablet, computer).	I-activate ang Bluetooth sa iyong device sa pag-playback.
	Wala sa pairing mode ang earbuds.	Tiyaking nasa case ang earbuds at nakabukas ang takip ng case bago simulan ang pag-pair, tingnan ang Pagpe-pair ng bagong device.

PAG-TROUBLESHOOT WIKANG FILIPINO

PROBLEMA	DAHILAN	PAGKILOS
Eratikong paggana	Ang earbuds ay hindi gumagamit ng pinakabagong bersyon ng firmware.	I-download ang Marshall Bluetooth app at kumonekta sa earbuds. Sundin ang mga in-app na tagubilin para matiyak na mayroon ng pinakabagong bersyon ng firmware ang Motif II A.N.C..
	May error sa software.	Mag-factory reset, tingnan ang Pag-reset sa earbuds. Kailangang i-set up ulit ang earbuds.

All intellectual property in the product and packaging (including the MARSHALL trademark, copyright, designs, and patents) are owned by Marshall Group AB and may not be used without permission. All rights reserved. The Bluetooth® wordmark and logos are registered trademarks owned by the Bluetooth SIG, Inc. and any use of such marks by Marshall Group AB is under license. Google Play is a trademark of Google LLC. App Store is a service mark of Apple Inc., registered in the U.S. and other countries Marshall Group AB, Centralplan 15, 111 20 Stockholm, Sweden. Produced in China. R 1.2